Fil
43/10.08
Found in Basement
Rm. 8
U.P. Main Library 21 M 73

Ang proletaryong panitikan at sining ... gaya ng sinabi ni Lenin, ay mga enggranahe at turnilyo sa buong makina ng rebolusyon.

ULÓS

ULUSIN NG PLUMA AT PINSEL ANG KAAWAY!

Ang ating layunin ay tiyakin na akmang-akma ang panitikan at sining sa buong makina ng rebolusyon, na nagagamit ang mga ito bilang makapangyarihang sandata...

TAON 1, BILANG 4

DISYEMBRE 15,1972

PLA 72

NILALAMAN

Editoryal ● Mga Salawikain ● Tibay ng Loob ● Sa "Bagong Lipunan" ● More on "Bagong Anyo '72" ● Sa mga Bilanggong Pulitikal: Makibaka! ● Ang Unos ng Bundok ● Suriin Po Natin

luma at dayuhang anyo ng sining at panitikan ay masaring gamitin kung ang mga ito ay bibigyan ng rebolusyonaryong nilalaman at naaangkop sa pambansang adhikain ng sambayanan. Ang uring manggagawa ang magsasabalikat ng pamumuno sa larangan ng kultura at edukasyon ayon sa namumunong papel nito sa rebolusyon. Gayunma'y buong pusong tatanggapin nito ang tulong ng mga intelektuwal sa rebolusyon. Lahat ng demokratikong intelektuwal ay bibigyan ng pagkakataong maglingkod sa sambayanan at baguhin ang kanilang pag-iisip. Samantalang iginagalang ang kalayaan sa pag-iisip at relihiyon, gagawin ang mga karampatang pag-iingat upang ang kalayaang ito ay hindi magamit nang sistematiko sa paglaban sa demokratikong rebolusyon ng bayan at sa pagpinsala sa interes ng sambayanan. Sa panahon ng pangmatagalang digmaang bayan, ang mga di-maunlad na nayon ay babaguhin ng Partido upang maging mga moog na pangkultura ng rebolusyong Pilipino. Papawiin ang kamangmangan at pamahiin sa hanay ng masa at pangingibabawin ang siyentipikong diwa ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung.

Anumang pambabaluktot sa kahulugan ng salitang "rebolusyon" ang nilalaman ng kanyang taggi-tagging komedyang pagpapanggap na aklat at pinamagatang "Demokrasya: Ang Rebolusyon ng Ating Panahon", hindi mapagtatakpan ng pasistang papet na si Marcos ang mapang-aping kultura ng kanyang diktadura. Pagpapalaya sa masang Pilipino ang tunguhin ng rebolusyonaryong kultura. Bawat mamamayang kumikilala sa tungkuling palayain ang sambayanan sa paniniil ng diktadurang E.U.-Marcos ay walang salang kikilalanin sa bisa ng kulturang tinatanaw sa Programa para sa Demokratikong Rebolusyon ng Bayan bilang sandata sa pagpapalaya.

Ganito ang diwa ng mataos na pagbati ng ULOS sa Partido Komunista ng Pilipinas sa ikapat na aniversaryo ng muling pagtatatag nito.



MGA SALAWIKAIN

Ang magtanim ng hangin,
Bagyo ang aanihin.

Buong kahambugang pinaghaharian ngayon ng mga pasistang papet ang sambayanang Pilipino, subalit matitikman din nila ang rebolusyonaryong karahasan ng mga mamamayan sa pagtulong ng digmaang bayan.

* * *

Naglagay ng suhay,
Nang giba na ang bahay.

Ang mga huwad na reporma na ipinangangalandakan ni Marcos ay pawang panakip-butas lamang sa kabulukan at kanungkagan ng kanyang pasistang papet na rehimen.

* * *

Pinakawalis-walis ang bakuran,
Nagsusukal naman ang tahanan.

Kung anu-anong palabas at pakulo ang ibinubuga ngayon ng pasistang diktadura ngunit maikukubli kaya ng mga ito ang umaalingasaw na basurang binansagan na "bagong lipunan"?

* * *

May malaking halaghag,
May munting di mabuhat.

Dati'y tumutukoy sa malaking bagay na walang saysay at sa munting bagay na mahalaga, ang tinutukoy ngayon ay ang reaksiyonaryong sandatahang lakas na tungkod ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos at ang Bagong Hukbong Bayan na bagamat maliit lamang ang bilang ay may lakas namang lalansag na diktadura pagkat itinatanguyod ito ng masang Pilipino.

Tibay ng Loob

Alam ni Aling Gabriela.

Sa muli't muling pagsosona sa baryo Sunog-Apoy ng mga buhong na PC-Metrocom matapos ideklara ang batas militar, sa walang pakundangang pagtiba sa mga bahay na makainitan ng mga halimaw, sa pagdakma sa sinumang sumagot nang pabalang-balang at sa mga matong nagsipagbagong-buhay matapos maimulat ng mga aktibista, lagi't lagi'y may mga maiiwang saksi, mga saksing titindig at lalaban pagdating ng panahon.

Nang iutos ng pasistang pamahalaan sa mga tagabaryo na lisanin na ang pook na iyon sa Tundo, ang unang pumasok sa isipan ni Aling Gabriela ay ang anak na si Jerry, isa sa mga aktibistang pinaghuhuli sa kanilang pook.

"Ibig kong makita ang ating si Jerry," nawika niya sa asawa. "Pupuntahan ko siya maski saan... sa Kampo Crame..."

Nagtungo nga sa Kampo Crame si Aling Gabriela isang umaga. Sinita siya ng isa sa tatlong guwardiyang nasa malaking tarangkahan ng kampo. Ang karbing awtomatiko, ang mga magasin ng bala sa baywang, ang bungis na nakangisi sa mukha ng guwardiya sa kabila ng kabataan nito -- lahat ng iyon, alam ni Aling Gabriela, ay tatak ng mapang-abusong kapangyarihan. Ngunit ni bahagya mang takot ay wala siyang nadama. Ibig niyang makita ang anak, ibig niyang masulyapan man lamang ang kaisa-isang si Jerry....

"Me pases kayo?" asik halos ang tanong ng guwardiya.

Umiling si Aling Gabriela.

"Gusto ko lang hong makita ang aking anak ... hinuli siya noon," sabi niya.

"Aktibista ba?"

Tumango si Aling Gabriela.

"Basta aktibista, di puwedeng makita. Ang utos sa amin, basta aktibista... wala munang dalaw-dalaw."

"E, bakit ho naman?"

"Masasamang tao ang mga aktibista."

"'Yon hong nasa gobyerno ang masasamang tao," pakli niya, nagngitngit sa narinig. "Sila ang mga walanghiya, sila ang mga hudas sa ating bayan! 'Yong aking anak, si Jerry, hindi siya kailanman naging masamang tao. Iminumulat niya sa katotohanan ang mga mamamayan. Ibig niyang hanguin sa kahirapan at pang-aabuso kaming mga inaapi--masama ba 'yon?"

"Ipinagbabawal 'yon ng gobyerno."

Hindi halos namamalayan ni Aling Gabriela, may nagkakatipon nang tao sa kanyang paligid.

"Mabait at matalino ang aking anak," parang sa sarili na siya nagsasalita. "Iskolar siya ... iskolar pa nga."

"'Yan ngang mga iskolar, 'yang matatalino ang dapat ikalabos, e. 'Yong mga nasa loob na aktibista, sina Tayag, David, Olivar, e mga iskolar din. Mga taga-UP pa. Nagmumulat din daw sila ng mga tao. Kaya, hayun, preso sila."

Hindi tumitinag halos sa kinatatayuan, napabulung-bulong si Aling Gabriela. Anong kaimbihan ang ginagawa nila sa akin? Matanda na ako, at ibig ko lang makita ang aking anak ay ipinagkakait pa. Baka ... baka ipinapatay na si Jerry, a. Ilang beses ko na bang narinig, marami nang aktibista ang naipapatay ng militar?

Pinatay na nga nila siguro si Jerry!

Umakma siyang tatakbo, papasok ng kampo. Dumiit sa tuyot na niyang dibdib ang kulata ng karbin, patulak.

"Umalis kayo--alis!" Galit, sumisigaw na ang guwardiya.

Umakyat ang ngitngit sa ulo ni Aling Gabriela.

"Pinatay ninyo ang aking anak!" naisigaw niya. "Pinatay ninyo ang aking si Jerry!"

Dumagok ang kulata ng karbin sa tuyot na dibdib. Natulala si Aling Gabriela, hindi nakapagsalita ni gaputok, napahakbang paurong. May kung anong nayanig sa kanyang dibdib.

Marami ang nakakita sa nangyari. Marami ang nakarinig.

"Putangna, layo--alis!"

"Pi... pi-na-tay ... si Jerry!" Naghahagilap ng lakas ang lalamunan ni Aling Gabriela upang maisigaw ang katotohanan. "Pi... pinatay ninyo ang aking anak!"

Sa makailang sa dali, tumatakbo na siyang palayo, at nakahagilap na ng lakas inihihiyaw niya habang tumatakbo:

"Pinatay nila ang aking anak! Pinatay nila si Jerry!"

Sa paligid, sa maraming lugar ay nagkatipun-tipon ang mga tao; sa kalsada, naguuhinto ang mga sasakyan. Marami ang nakakita sa nangyari. Marami ang nakarinig.

Kailangang mahinto ang pagsigaw-sigaw niya, kailangang maiwasang marinig ng mga tao ang isinisigaw niya. Biglang may sumilbato, na sinundan ng dalawang magkasunod na putok.

"Pinatay nila ang aking anak! Pinatay nila si Jerry!"

Nalugmok si Aling Gabriela sa tabing-kalsada, ngunit maraming nakakita sa nangyari. Maraming nakarinig...

■ Angelo T. Magsilang

Sa `bagong lipunan´ ...

Upang tayo'y umasenso
Magtrabaho nang husto.

Ang batas ay ginawa
Para sating sundin at isagawa.

Mas maganda ang kinabukasan
Kung tayo ay may pinag-aralan.



Huwag magsiksikan
Tayo'y magsigayon.

Ang paglaban sa kapwa
Ay sawain nawa.

Ang pagsunod sa tagalan
Ay tanda ng anak na mapalad.

People's Liberation Artists (PLA '72)

more on 'Bagong Anyo '72'

(Excerpts from a reader's letter to the staff)

At press time, it is obvious that we the Filipino people have not yet heard the end of Bagong Anyo nor of the other projects of the dictator's wife, Imelda Marcos. Bagong Anyo which was inaugurated in the Nayong Pilipino shortly after martial law has been reshown in many other places including the Luneta Park. There are unconfirmed reports, that despite the travel ban, Bagong Anyo was sent to Seattle, Washington (or there were plans to that effect) for the Philippine participation in a Christmas program.

* * *

On paper the avowed purpose of the production was to help the textile industry of the country, the fashion designers, to adapt indigenous designs to contemporary styles. Imelda Marcos thinks that if Manila becomes the fashion center of Asia, if not the world, the image of the country will be improved and millions of dollars and thousands of tourists will come pouring in. It is obvious that the dictator Marcos and his wife are always more concerned with the appearances of things than with substantial and realistic reforms. The Marcos dictatorship has been characterized with stop gap projects which are all glamour but no substance.

* * *

There have been reports that since the assassination attempt on Mrs. Marcos, many models have backed out of Bagong Anyo. They were afraid a government agent would take down the names of those who dared back out so the models did their best to give good excuses. However, one of them admitted that she was afraid of being bombed or stabbed. "I am willing to die for my country," the model said batting her false lashes, "but not for Mrs. Marcos and Bagong Anyo."

For many years, we have had thousands of fashion shows. Maybe we have had more fashion shows than France, England and New York. We have fashion shows for so-called charitable projects. We have fashion shows for tourism to improve the image of the country. We have spent precious dollars sending fashion shows to Europe, Asia and America. We have been indulging in this kind of luxury our country and people can ill afford yet we have not yet made any marked progress in our textile and clothes industries. Our local designers who are not wanting in talent have already been adapting indigenous designs and using indigenous fabrics even before Mrs. Marcos became First Lady. This just proves that it takes more than a well-publisized fashion extravaganza to boost the production of local materials.

* * *

"Women should be trail blazers," said Imelda Marcos. But women of Bagong Anyo were not trailblazers in the true sense of the word. They were like ghosts of the "old society". They pictured the egocentric, vain, frivolous Filipinas who will blaze trails only if it will serve their personal ambition and personal glory.

* * *

The real reason for Bagong Anyo, if an army wife is to be quoted, "is for martial law." It is just another ruse of a fascist government to placate or appease a restive, oppressed population.

* * *

In the days of Jose Rizal, religious processions and fiestas were organized and held in a grand style at the expense of the poor "indios". In these days, projects like Bagong Anyo, the "Green Revolution", national beautification and motor car parades are only a few of the smokescreens that the Marcos dictatorship will use to cover up its real motives.

SA MGA BILANGGONG PULITIKAL:

MAKIBAKA!

1.
Katunaya'y
matagal nang naglaho ang bulang si Pomeroy,
Huwag bigyan ang naghaharing uri
ng isa pang dahilan
upang lalong masupil ang nagdurusang sambayanan
Sino ang makikinabang
sa pagkainip na walang ibinubunga?

2.
Humiga, pumikit, mag-isip:
Magpakatatag:
Nakalawit na kamay ay
kuyumin,
patigasing parang bakal,
Gamiting panduro
sa sariling kahinaan.

3.
Humiga, pumikit, mag-isip:
Balangkasin ang libu-libong magagawa
Sa loob ng isang makitid na bilanggguan.
'Di ba't nakapaglabas ka na ng tula't maikling kuwento?
Pagbutihin ang hawak sa pluma.
maiinit na luha'y
pakuluin
At isabog sa nakakapal na mukha ng mga traidor sa bayan.

4.
Humiga, pumikit, mag-isip:
Paglalantad ng dilmaan ng mga uri'y
May libu-libong kaparaanan.
Ang pagkainip ay maaaring ipunla,
alagaan, payabungin:
Tigang na lupa'y nabubungkal,
Nakauniporme na'y nahihikayat din.

5.
Sino ang makikinabang
sa pagkainip na walang ibinubunga?
Huwag bigyan ang naghaharing uri
ng isa pang dahilan
upang lalong masupil ang nagdurusang masa.
Sapagkat
matagal nang naglaho ang bulang si Pomeroy.

• Clarita Roja

Ang Unos ng Bundok

Am(Em) Am(Em) E7(B7)

Ka-sa-ma, ding-gin mo sa

Am(Em) Dm(Am)

ha-nging pa-la- kas nang pa-la- kas sa la-hat ng dako ang

E7(B7) Am(Em) FINE

a-wit ng ba-yan I. Ang pa-gas na lu-pang sa lun-

E7(B7) Am(Em) Dm(Am) E7(B7)

ti ay sa-lat, ka-i-la-ngan na ngang dat-nan ng ha-

Am(Em)

ba-gat 2. Ang u-lang ma-la- kas ay da-ra-

E7(B7) Am(Em) Dm(Am) E7(B7)

ting nga-yon, ma-gi-ging ma-ra- has ang pi-ping

Am(Em)

pa-na- hon 3. Da-ra- ting ang lu- nas sa ma-

E7(B7) Am(Em) Dm(Am)

la-ong u- haw, la-ya'y sa-lu- bu-ngin at

E7(B7) Am(Em)

la-ya'y i-si-gaw 4 Ang u-nos ng bun-

E7(B7) Am(Em)

dok pag i-to'y siu-mu-long ka-tu-si-sang ga-

Dm(Am) E7(B7) Am(Em)

nap ng lun-sod at na-yon.

SURIIN PO NATIN

ni VICTORIO del PUEBLO

ANG SINASABING PASKONG "MALIGAYA"

Malamig! Amihan! May sabit sa parol!
Walang duda, Bertan, Pasko na nga ngayon!
Subalit, e, ano? Sa masa pong gutom
Ito'y ordinaryo't Paskong walang latoy!

Sapagkat nasaan ang "kapayapaan"
Na sinasagisag ng Pasko sa tanan?
Nasa ulong yuko at kabadong dasal
Sa harap ng baril at kanyong nag-umang?

*Nasa tawang basag at sa ngiting pilit,
Habang nakaposas ang paa at bisig?
Nasa laksang gutom na di maihibik
Ang hangad na layang di makamit-kamit?

Ay! Tunay na Pasko'y panaginip lamang
Sa ganitong bansang p'yudal at kolonyal!
Ang "kapayapaan" at "kasaganaan"
Ay pangakong-hangin lang walang katuparan.

Sa "Bagong Lipunan" ng mapang-alipin,
Ang Pasko'y para lang sa mga may-poder;
Ang grasya ni Marcoy ay tiyak na perder
Sa banal na lamang na "tuta" at "kuting".

Suriin po natin kung ano talaga
Ang inihahatid ng Pasko sa masa.
Tunay bang lagpas ang grasya't ligaya
Kapag nagbatian ng "Felices Pascua"?

Tulad ng sabi ko, sa lipunang bulok,
Ang Pasko'y sa hapis ng ganid at poot;
Sa mangmang at dukha, ito'y palabentot
Sa mga pangarap na hindi maabot!

Pero, s'yempre Bayan, kung minsa't magkati,
Ito'y okasyon din sa mga charity--
Yaong pagbibigay at pamamahagi
Ng damit na luma, laruan at kendi.

Sa Christmas Package Drive, oligarko't
burges
Ay mga Santa Claus nitong anakpawis;
At s'yempre ang bida diyang walang mintis,
Si Reyna Imelda't "kulig" na Blue Ladies.

Pero dapat kayang matuwa nga tayo
Sa ganitong gawa kung araw ng Pasko?
Dapat bang magsaya'ng dukha't pobresito
Sa minsan-'sang-taong mga aginaldo?

Dapat na bang minsa'y bigayan ng de lata,
Kung sa buong taon pamilya mo'y d'yeta?
At di ba ang bonus o limos na pera,
Tubo rin sa dugo at pawis ng masa?

(Narito ang mana at kayod nang kayod;
Ito namang burges ay huthot nang huthot.
Kung Pasko, ang burges ay s'yang naglilimos,
At dukha'y dapat nang magdiwang nang taos.)

Okasyon nga ito upang mailabas
Ang pagka-krist'yano ng s'witik at hudas.
Sa business po naman, bawat Chrismas discount,
Ang tubo't negosyo'y lalong lumalakas!

Ganya't ganyan pa rin ang laging larawan
Ng Pasko sa "Luma" at "Bagong Lipunan";
Pasko'y nagtitila opyo nitong bayan
Upang ang ligalig ay makalimutan.

Maging itong sabi ay Christmas spirit
Na "kapayapaan" at purong "pag-ibig",
Nagiging sandata upang mapaidlip
Ang dibdib ng bayan na naghihimagsik.

Bukod sa piyudal na mga epekto
Ng Christmas Package Drive at pang-aginaldo,
Mababanggit pa ring kolonyal ang Pasko
Sa puso ng ibang nagdiriwang nito.

Simulan po natin sa mga Christmas tree,
Sa mga Santa Claus, Jingle Bells, at n'yebe,
Di ba't ito'y senyal ng ating pagkasi
Sa mga Stateside at hindi sarili.

Habang dinadasal natin nang malakas
Itong linyang "I'm dreaming of a white
Christmas",
Nalilimot natin ang gutom at hirap,
Pati U.S. bases at ang Parity Rights.

Nalilimot natin itong panggagantso
Ng imperyalistang mga Amerkano:
Ay! Tila Santa Claus, dala'y aginaldo;
Kapalit ay laya at yaman ng tao.

At buktot na Kano'y hindi nagtitigil
Upang matamasa itong yaman natin;
Ngayon nga'y panay na ang pakanang lihim,
At s'yempre kasosyo itong ating Hitler.

Ang Pasko po ngayo'y may bagong istorya
Na hango sa buhay ng bansa at masa;
Ito'y bagong Paskong batay sa Marxista
At di sa kung anong hula ng propeta.

Sa bagong Pasko po, itong bagong Mesyas
Ay Pambansang Demokrasya yaong tawag;
Ito po'y sisilang sa sangmaliwanag
Sa Nagkakaisang Prente nating lahat.

Ang talang gagabay ay isang Partido,
At ang tatlong haring lulupigin nito
Ay Imperyalismo, lilong P'yudalismo't
Kumbal na Bureaucrat at Kapitalismo.

May herodes din po sa bagong salaysay
Na ang pinatakot ay batas militar;
Kaya itong Mesyas, kapagka nangaral:
Di "Kapayapaan", kundi G'yerung Bayan!

IBAGSAK

ANG

DIKTADURANG

E.U. – MARCOS!